

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Inaanunsyo ng Lungsod ng Brampton ang COVID-19 Task Force sa Suporta sa Kabataan ng Mayor

BRAMPTON, ON (Marso 20, 2020) –Sa araw na ito, inanunsyo ng Lungsod ng Brampton ang ikaapat na task force nito para suportahan ang lokal na ekonomiya at ang mga komunidad Brampton: ang COVID-19 Task Force sa Suporta sa Kabataan ng Mayor.

Ikino-co-chair nina Harkirat Singh, Konsehal ng Lungsod, Wards 9 at 10, at Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 at 8, itong specialized team ay tutulong sa pag-coordinate ng access sa impormasyon at mga resource na pinaka-kinakailangan ng mga kabataan ng Brampton sa panahong ito.

Ang pangkat na ito ay mahigpit na makipagtulungan sa Emergency Operations Centre ng Lungsod ng Brampton at sa kawani ng Lungsod sa pangangasiwa sa epektibong tugon para pangunahan ang COVID-19 at i-coordinate ang mga resource at suporta na kinakailangan ng ating kabataan sa mahirap na panahong ito.

Titingnan ng Task Force na:

1. Suportahan ang mga oportunidad para palahukin ang mga kabataan dahil ang mga aklatan ng Lungsod at mga sentrong Panlibangan ay sarado
2. Makipag-coordinate sa Rehiyon ng Peel kaugnay ng mga suporta sa pangangalaga sa bata, at silungan para sa mahihinang kabataan
3. I-coordinate ang mga suporta at impormasyon para sa kabataan kaugnay sa mga organisasyon sa kalagayan ng isip sa Brampton
4. Karagdagang mga oportunidad ng pagpapalahok para sa mga boluntaryo at mga stakeholder para suportahan ang ating kabataan

Kahit na sarado ang City Hall para protektahan ang mga residente at mga empleyado, patuloy na nagtatrabaho tayo para suportahan ang ating lokal na ekonomiya, at ang ating kabataan sa buong lungsod.

Ang pagsuporta sa susunod na henerasyon ay isang mahalagang paraan na maaaring ihanda ng Konseho ang Lungsod para sa hinaharap.

Ang anunsiyo sa araw na ito sa araw na ito ay kasunod ng paglunsad sa linggong ito ng COVID-19 Mga Task Force sa Suporta sa Ekonomiya, Panlipunang Suporta, sa Suporta sa mga Senior. Basahin ang mas marami pa [dito](#).

Kumonekta sa amin

Ang mga indibidwal na naghahangad na gawin ang kanilang parte at tumulong sa pagsuporta sa mga pagsisikap na tumulong sa COVID-19 ng Lungsod ay maaaring kumonekta sa mga dedicated na mga team na ito sa pamamagitan ng email:

- COVID-19 Task Force sa **Suporta sa Ekonomiya** - Covid19business@brampton.ca
- COVID-19 Task Force sa **Panlipunang Suporta** ng Mayor - Covid19support@brampton.ca
- COVID-19 Task Force sa **Suporta sa mga Senior** ng Mayor - Covid19seniors@brampton.ca
- COVID-19 Task Force sa **Suporta sa mga Kabataan** ng Mayor - Covid19seniors@brampton.ca

Dagdag na Impormasyon

Para sa pinaka-huling mga update at mga madalas na itinatanong (FAQs) tungkol sa mga serbisyo ng Lungsod, at mga pagsasara ng pasilidad at programa, pakibisita sa www.brampton.ca/covid19.

Para sa pinaka-up-to-date na impormasyon mula sa Peel Public Health, bumisita sa: www.peelregion.ca/coronavirus.

Quote

“Kahit na nananatiling sarado ang City Hall para makatulong sa pagprotekta sa residente at mga empleyado ng Brampton, patuloy na nagtatrabaho ang Konseho para matiyak na tayo ay nagtutulungan para suportahan ang mga residente ng Brampton, lalo na ang ating kabataan. Ang bagong task force na ito ay magtitiyak na isinasali natin ang kabataan ng Brampton sa makahulugang mga paraan, tinitiyak na may mga espasyo sila para matuto, manatiling aktibo, at kasali sa mga uporta na kailangan nila, iyon man ay mga opsyon sa paglilibang, suporta sa kalagayan ng isip o silungan. Kasama ang ating mga stakeholder, committed tayo sa pagpapababa ng epekto ng COVID-19 sa mga kabataan ng Brampton.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

-30-

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](https://twitter.com/brampton), [Facebook](https://facebook.com/brampton), at [Instagram](https://instagram.com/brampton). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Monika Duggal
Coordinator, Media & Pakikilahok sa
Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca